

IMPORMASYON NG PASYENTE: EVUSHELD

Ginagamit ang EVUSHELD para maiwasan ang impeksiyong COVID-19 sa ilang mga indibiduwal na nasa edad na 12 at mas matanda.

Ang supply ng EVUSHELD ay hindi limitado. Ang order ng nagreseta o reseta ay kailangan para sa EVUSHELD.

Ano ang EVUSHELD (tixagevimab na kasama sa pakete ng cilgavimab)?

Ang EVUSHELD ay bagong gamot na ginagamit sa mga matatanda at kabataan para maiwasan ang COVID-19 para sa ilang nararapat na indibiduwal na:

- ▶ 12 taong gulang at mas matanda na ang timbang ay hindi bababa sa 88 pounds [40 kg]
- ▶ hindi kasalukuyang may impeksiyong SARS-CoV-2 at walang kamakailang kilalang malapitang kontak sa taong may impeksiyong SARS-CoV-2
- ▶ may katamtaman hanggang napakahinang immune system dahil sa isang medikal na kundisyon, nakatanggap ng mga immunosuppressive na gamot o mga paggamot at maaaring hindi pagmulan ng sapat na immune response sa COVID-19 na pagbabakuna o
- ▶ hindi nararapat makatanggap ng COVID-19 na bakuna dahil sa kasaysayan ng malalang reaksiyon (tulad ng malalang allergic na reaksiyon) sa (mga) COVID-19 na bakuna o (mga) sangkap ng COVID-19 na bakuna.



Tala:

Ang EVUSHELD ay HINDI kapalit ng pagbabakuna sa mga tao na ang pagbabakuna ay nirerekomenda



Ano ang dapat kong sabihin sa aking tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan bago ko tanggapin ang EVUSHELD?

Sabihin sa tagapaglaan mo ng pangangalaga sa kalusugan kung ikaw ay:

- May anumang mga allergy
- May mababang bilang ng mga platelet ng dugo, sakit sa pagdurugo, o umiinom ng mga anticoagulant (para maiwasan ang mga pagbubuo ng dugo)
- Nagkaroon ng atake sa puso o stroke, may ibang pang mga problema sa puso, o nasa mataas na peligro ng mga pag-atake sa cardiac (puso)
- Buntis o nagpaplano magbuntis
- Nagpapasuso ng anak
- May anumang malalang sakit
- Umiinom ng anumang mga gamot (de-reseta, over the counter, mga bitamina, o mga herbal na produkto)

Ano ang dapat kong asahan sa aking appointment?

- ▶ Ang EVUSHELD ay binubuo ng dalawang gamot, tixagevimab at cilgavimab.
- ▶ Makatanggap ka ng 1 dosis ng EVUSHELD, na binubuo ng 2 magkahiwalay na iniksiyon (tixagevimab at cilgavimab).
- ▶ Ibibigay sa iyo ang EVUSHELD ng iyong tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan bilang 2 iniksiyon sa kalamnan. Karaniwan silang ibinibigay nang magkasunod, 1 sa bawat pigi mo.

Oobserbahan ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ng 1 oras matapos ibigay ang mga iniksiyon. Maaaring maganap ang mga allergic na reaksiyon o mga pag-atake sa cardiac (puso), lalo na sa mga pasyente na may kasaysayan ng mga pag-atake sa puso. Ang mga reaksiyon ay maaaring malala o banta sa buhay.



Saan ko mahahanap ang EVUSHELD?

Ang mga lokasyon ng EVUSHELD ay mahahanap sa VDH COVID-19 Treatment Locator Tool. Ang link ay isang interactive na mapa at mga buod na talahanayan sa VDH website na nagpapahintulot sa publiko at mga tagapaglaan na matukoy ang mga lugar ng therapeutics sa Virginia: <https://www.vdh.virginia.gov/mabs/covid-19-treatment-locator/>

Ibibigay ang EVUSHELD nang walang bayad, pero ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ay maaaring sumingil ng bayad sa pag-iiniksiyon.